Tunay na si Allāh ay hindi tumitingin sa mga anyo ninyo ni sa mga ari-arian ninyo subalit tumitingin Siya sa mga puso ninyo at mga gawa ninyo."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na si Allāh ay hindi tumitingin sa mga anyo ninyo ni sa mga ari-arian ninyo subalit tumitingin Siya sa mga puso ninyo at mga gawa ninyo."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay hindi tumitingin sa mga anyo ng mga tao at mga katawan nila kung ito ba ay marikit o kapula-pula at kung ito ba ay malaki o maliit, o malusog o maysakit? Hindi Siya tumitingin sa mga ari-arian nila kung ang mga ito ba ay marami o kaunti? Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay hindi nagpapanagot sa mga lingkod Niya at hindi nagtutuos sa kanila sa mga bagay na ito at pagkakaibahan nila sa mga ito. Subalit tumitingin Siya sa mga puso nila at nasa loob ng mga ito na pangingilag magkasala, katiyakan, katapatan, pagpapakawagas, o pagpapakay ng pagpapakitang-tao at pagpaparinig sa tao. Tumitingin Siya sa mga gawa nila sa punto ng kaayusan ng mga ito at kasiraan ng mga ito saka naggagantimpala Siya at gumaganti Siya sa mga ito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4555